Walang kapatawarán ang inyóng ginágawa sapagka't nilalait ninyo ang bayan, dinúdurhan ninyó itó sa mukha at ginúgulo ninyó ang katahimikan ng mga budhi.

Hindi kayo, kayong mga duhapáng sa pagkapatanyág, kayong mga upasala sa kataintimán ng lahat, kayong mga kampon ng masagwang paglingap sa sarili, ang makayayari ng isáng bagay na malaki.

Kayo ang mga anák ng Dilím na gumagamit ng pananandatang taksil.

Kayo ang tumutulong sa mga kaaway ng bayan.

Kayo ang pagala ng may maiitim nn budhi.

Kayo ang nag-uumang ng bating na kábabalahuan ng bayan.

Pag hindi na kayo ang napataas, lahat ay masama na.

Pag hindi na kayo ang naturang hari lahat ay walang halagá.

Pag hindi na kayo ang napabuti, ang ibá, ang di ninyó kapanalig, ay wala nang katuturán.

At ibig pa ninyóng siyang mag-akay sa bayan.

Ibig pa ninyóng siyáng magtaguyod sa ísipan nitó.

Ibig ninyóng kayo'y paniwalaan.

Ibig ninyóng kayo ang sambahin.

Mangyayari dili hindi ang inyóng adhika, datapwa't kailangan muna na kayo'y huwag manansô, huwag kayong mangdaya.

Ang polítika ay hindi pagkapabuti ng sarili, ang polítika ay ganap na pagsusuyo ng mga damdaming sarili, ganáp na paghandóg sa kagalingan ng lahát.

¿Na hindi ninyó magagawa ang ganitó?

Magsitahimik kayo, sapagka't ang inyóng mga ginágawa ay pagsasabog ng lason.

MARTINO ORAPRONOBIS

⁂ ⁂ ⁂

Mga pangakò

——(o)——

Ang hindi pa namán masyahíng loób ngayón ay talagáng pihikan na.

Dia'y naggala ang nápakaraming kandidato na pawang makikisig at mababuting bata.

Lahat at bawa't isa sa kanila ay may kipkip na pangako.

Na siyáng ipinangangalandákan kahi't sa mga sulók sulók, at kahi't ang pinagsasabiha'y mga dalawa lamang ó tatlong kaibigan.

Walang kagatólgatól ang kaniláng mga dila.

Ang *cuestión*, ayon nga sa kanila, ay ipatalastás kun anó anó ang kanilang mga gagawin.

Sapagka't ang pangangako raw ng langit at lupa ay isáng mabuting paraan upang makakuha ng boto.

Mayroon diyang nagsasabi na kung siya ang mápalagay sa 20 piso araw araw, ay walang gagawin kundi gugulin ito sa kagalingan ng lahat. ¡Ehém, diyata?

Mayroón namang ipaáalis daw niyang lahat ang mga buwis at nang huwag daing nang daing ang mga mámamayan. (¡Namán!)

Mayroon pang di umano'y maglalaan ng kanyang 20 piso sa mga paaralan, bagama t sa... bulsa muna niya mápapalagak. (¡Katusuhan!)

Mayroon pa riyang, siya raw naman kungdi matatalo, ay hindi na tatanggap ng sahod kundi ng suhol na lamang. (Itó ang kandidato!)

At mayroón pang upang mapaiba naman marahil ay nangangakong lahat ng bumoto sa kanyá ay pagbibigyán pagkatapos ng titigisang MEDALLA. (nakú, nakú!)

Anópa't sa kanilang mga bibig ay walang kagató gatól ang mga pangakong ginágawa lamang himagas.

At hindi lamang hinihimagas kundi inaari pang pangmumog ang mga pangako.

Dahil dito ay sabihin pa, ang mga taong bayan ay nalilitó tuloy at hindi na maalaman kung kaninong kandidato mananalig.

Wika nga ng marami'y, marami raw ngayon ang nagkalat na balaho.

Sapagka't kung isáisa namang sisipatin ang kiyá at anyo ng mga kandidatong iyan, ay wala nang mákikita kundi ang kanilang pagkasabik sa 20 piso.

Maanong subukin nating alisin ang *dieta*, at makikita ninyóng wala nang makaiisip kumandidato.

Dahil sa dieta, pati ng mga dating pederal at pederal pa rin hangga ngayón, ay natututong magbulaan at hindi raw siya pederal.

Dahil sa dalawampung pisong iyan, ang mga walang kamalaymalay sa mga nangyayari sa bayan, pagka't sa kanilá ito'y walang kahalahalagá, ay nangagsilabas at sila man daw ay kandidato rin.

Mabuti nga namang *magia* ang taglay ng 20 pisong dieta. Lahat lahat ay natututo ng salamangka at mgapaikit.

At pati pa dating mga magdaraya ay nangagbabait baitan ngayón at nangagaanyong di makabasag pinggan. Mababaw na talinghaga naman iyan!

Sapagka't sino sa inyo ang makapaniniwala na sila'y mga malilinis, gaya nang ibig sabihin, sa talagá namang sa kanila'y walang bayan kundi ang sikmura?

May kandidato riyang sa mga katapatang loob ay nagsasabing paluwagan na raw siya pagka't marami lamang pákainin. At ang kandidatong ito'y nangangalandakang hindi niya kailangan ang dieta!

Paanong paniniwala mo sa mga taong ganyán?

Nguni't kung hindi mapaniniwalan ang may ganitóng mga lihim na itinatago, ay lalo na ang mga nagmamalinís na dungísdungisán.

«Ako ang mabuti, ako ang mabait, ako ang katiwatiwala» kun sila'y magsabi.

Nguni't baligtarin ninyó at makikitang.

«Siya ang masama, siya ang alibugha at siya ang taksil»

«Ako lamang ang may magagawa sa Munisipyo, ako ang di uurong sa mga mangyayari, ako ang tunay ninyong mauutusan ng ano mang ibigin»

Baligtarin din ninyo at makikitang «Siya ang tulisáng bayan, siya ang sakdal karuwagan, at siya ang minsan ma'y di nápakinabangan ng bayan.»

Mangagtigil na kayo mga nagpapaulan ng asin. Awa ng Diyos ay mga dilát kami at baga man lihim na lihim ang inyóng mga *milagro* ay aming natatalos, at hindi kayo ang mangakapaglalako sa amin ng inyóng mga sunong na kahambugán.

Dapat itaás ang talagáng may magagawa at hindi ang mga mabunganga lamang.

At sapagka't marami sa inyo ang magalíng sa bibig;

At sapagka't mangagbaitbaitan man kayo ngayón ay nahahalata rin ang inyóng mga kabulukán;

Ay walá kayóng mahihintay kundi hanging hangin lamang.

Hangin ang pinupuhunan ninyo at hangin ang dapat anihin.

At saka, siya na kayo ng kápapangako, sapagka't ang kalahati man lamang ng inyóng pinagsasabi'y hindi ninyó matutupad.

Dahil sa kung mápaupo na kayo, ay maáapyan kayo ng 20 piso.

Siyá na kayo ng paglalatag ng palakayang dila.

Mabuti pa ang walang ipinangangakong ano máo, pagka't siyang nangatututong magtapat sa mga nagkatiwala sa kanya.

Kawikaan nga nating ang mga pangako ay madalás mapako.

At kay sa lumabás na tangá at nadaya ng mga matatabil, ay mabuti pang maturang natekas.

¿Nalaman ninyo?

SUGIGI.

Ang mga kandidatong iyan!...

—=(o)=—

Ngayóng panahon na namán
ng mga *garbo't* ngawaan,
dahil sa paghabol lamang
ng katungkulang *Consejil*;
ngayong sina Gómez diyáng
may munti't malaking tiyan,
Mendiola, Monroy, Sityar,
Argüelles, Aguado't Villang
kandidato'y nag... babanal,
ang LIPÁ, ay kailangan.

*

Isa't isá kung bumangit
ng sariling buti't linis
ay matitilís ang *boses*
na tila walang kaparis,
unang-una sina Gómez
na sa kay Mendiolang kabig
kandidato't mga *liders*
na parehong OFICIALES
ng Centro Ejecutives;
Masdán silá: Electores.

*

Kapág ang tao'y wala nang
minámasamang kaniya't
minámabuting sa ibá,
saká mapagparunggit pang
hasta donde't mapagmurá;
kapág ang tao'y wala nang
itinátalak tuwi na
sa pagdidiscurso niyá
kungdi ang pintás sa ibá,
ay asaha't *giring pulá.*

*

Iyang mga *discursanteng*
di ibá sa *comediante*
na wala nang napupuri
kungdi katawáng sarili't
kandidatong kinakasi;
iyáng kung magsipagsabing
sabi lamang, oo, ¡*sabi*!
at sa *gawa'y* mga bingí't
kung kumilos pa ay hulí,
iya'y mga.. *botarate*

*

Sila'y kung sa ngalang sikháy,
sa liksi, at pagkapahím,
sa sipag at karununga'y
di mo mangauunahan,
sila'y *tuso*, nguni't.. lamang,
ang pintas ko't pagdaramdám
na ngayo'y di mapigilang
di sabihing pamukhaan,
sila'y... ¡naku nana, Biyáng!
ay mga *bantay salakay*,

*

Hanggá't walang maiimbot
na anomang bungang hinog,
hanggá't walang mahihigop
na katamisan ng pulót,
aypahigáng nagkakamot



—¡Hola! tú por aquí?
—Acabo de llegar por el último tren.
—Vienes por negocios ¿eh?
—Sí, vengo á encargar trabajos de imprenta de mucha importancia y á comprar estuches, marcos artísticos, y una infinidad de objetos análogos. Pero te confieso que no sé á donde acudir. Esto me tiene muy preocupado.
—Pues, no hay que apurarse. Precisamente ahí tienes á Isidro Morales, cuyo establecimiento no tiene rival.

Plaza Moranda 13 Atado del Kiapo Salon. Antes Crespo101-

JAMON PIÑA--Nosotros, si, que no tenemos mucha quebradura de cabeza, como otros mortales.....
JEREZ SPORTMAN—¿Por qué?
JAMON PIÑA—Porque no tenemos más que una sola preocupacion, la única.....
JEREZ SPORTMAN—¿Cuál es?
JAMON PIÑA—La de que el buen Heiser no nos deje entrar en estas Islas donde hoy nos consumen en grande.

—Hija, por desgracia me han declarado cesante, y por tanto, ya vez que no tenemos para pagar la casa y sufragar los gastos de este mes. No encuentro otro medio, que suplicarte acudas á alguna Agencia de empeños.
—Ahora mismo voy, á la Agencia de empeños de Zacarias de Guzman, establecido en la calle de Villalobos N.o 44. Kiapo, en donde se dá buen precio á las prendas con interés módico. Puedes, pues, estar tranquilo.

Agencia de Empeños, Calle Villalobos N.o 44. Kiapo

ARMERIA Y CERRAJERIA
DE
MARTIN G. LONTOC
Crespo N.o 114--Quiapo. Telefono 4353

Reparacion de toda clase de armas de fuego, por complicadas que sean; se hacen culatas de todos sistemas; cocinas de hierro; reparaciones de fonógrafos, bicicletas; cajas de caudales; maquinas de escribir y de coser; quinqués mecánicos. Especialidad en empavonaciones.

—Osted dispensarme, señor: mi quiere saber donde puedo comprar un sombrero como ese, tan ligero, tan elegante, blanco como la nieve y sin costura. Mi quiere llevar muchos á mi pais, en London.
—Ya se conoce que es V. forastero. Aquí nadie ignora que estos sombreros salen de la fábrica de

Vicente Liwanag

Lemery 149. Tondo

—Los chocolates de "LA BILBAINA" no tienen rival.
—Productos puros, inmejorables. Fabricación esmerada.
—Ninguna asma de casa préscindirá de los chocolates de "LA BILBAINA" en cuanto los pruebe, pues son alimento sano, al par que delicioso.

Pedirlos á Pujalte y C.a

229 Muelle del Rey Telefono 366.

ng tiya't ang mga tuhod,
paá, kamáy sampung likod
ay kinakallong... *tibobos*
dahil sa pamamaluktot
ng pinutukán ng .. linsiyók.

*

Hanggá't walang tinatanaw
na anománg kabusugang
sinasákit ng íilan
na di nagpapansing pagál
mangaging buto't balát man;
hanga't walang pakinabang
na sasakmalin na lamang
ng mga *gutóm* na iyán,
ay nagtihaya't pagkuwa'y..
sabsáb dito, sabsáb diyán.

*

G nyán nga, ganyáng talagá
ang mga taong bihasáng
sásayaw kahi't sa bága,
sila'y di katakatakáng
ngayóng may *tinatanaw* na·y
maging *santó't* saka *santá*
ang kani-kanilang *ñorang*
umano'y tumutulong pa
niyang pananamantala't
nang ang *boto'y* ma... *chiripa.*

*

Ganyán nga, hanggá't mahirap
ang MANGHAHALAL na anák
ng Bayang sisinghap singháp,
ay para lang isáng uslak
na di mahagisang sulyáp;
nguni'y kapagka mapilak
at ma-BOTONG sakdal saráp,
kahi't saan pa másabat
ay agad nang tinatawag
at hahagkáng... halík-Judas.

*

Ah... mga mapagkunwaring
maibigín, mabubunyi't
matatabíl pa sa bunging
tila sadyang nilagari
sa nguso't ibabang labi,
nang hindi makapagtimpi
ng bulók na na sa budhi,
kilalá kayó, di hindi,
kayo'y tulad sa BALITING
verdugo ng mga *Munti.*

MANGLILIPA.

Munting Kasaysayan

——(:)——

(Handog ko ito sa makisig, mapanghalina, mapamihag, malagkit tititig, panira ng isip at mapamighani—bagama't haliparót at landi —na si Bb. (arabina de Cientiros.)

I.

¡Noo'y hapon. At palibhasa'y hapon ay malapit nang lumubog sa Kalunuran ang Hari ng mga Astro. Nguni't malapit mang lumubog ay masasabing di pa rin tunay na lubóg. Anopa't lulubog na lamang.

At lumubog nga, at nawala na sa wáwating-wating kong paningin, nang magtatakip silim na.

Nawala ¡oh, kay panglaw!... nawala na ang Hari ng mga Astro na di na muling makikita kundi sa kinabukasan.

Sa gayo'y nalungkot ako. Nágunita ko yaong pag kakapaalaman natin noong minsang sa gayon ding oras; pagpapaalamang – ¡oh, Carabina ko!—na ipinaalagalag nang mga luha mong animo'y luha ng isáng umiiyak.

¿Nagugunita mo kaya?

Kung ako ang tatanungin ay masasabi kong sa awa at kaloob ng langit, ay di ko nalilimutan kailan man ang gayong malungkot na sandali.

II.

—¿Kumusta ka?

—Mabuti, sa awa at tulong ng Dios. ¿At ikaw naman?

– Di kaparis mong sumasagap na palagi ng ¡ka ligayahan.

Ganito ang mga unang taga ng ating mga salitaan noón; salitaang tinapos natin sa ganito:

—Yayao na ako, irog ko.

—¡Ay, huwag ka ring makalilimot!

—¿At paanong paglimot ko, sa, pinagsumpaan nata sa harap ng sumisikat na buwan, ng araw na may máinit na sikat, ng Dios na gayong makapangyarihan sa lahat ay ipinako sa krus; paano ngang pagkalimot ko, sa, pinag sumpaan nata, ¿hindi ba?, ang atang paggugunitaanglagi na?

III.

Di nagluwat at muli tayong nagkita. Ikaw ay ibang-iba na. Hindi mo na ako ibig batiin, dahil sa hinatulan ka, anila, ng iyong «Confesor» na huwag nang makipag-usap sa akin.

¡Oh, langit! ¡oh, Poon! ¿Matítiis mo kaya?

Muntik nang pumutok tuloy noon, na parang butsing pamutok ni Del Pan at ng irog na Montenegro, ang puso ko, pati ng boo kong kadibdibanan.

Nguni't minsan, ay nakuha ko ring nakausap kita.

At ganito ang pinag-usapan nata.

—¡Ay, buhay ng buhay ko!

—¿Ano ang hangad mo pa?

—Isa lamang...

—¿Anong is...

At ang *is* na ito'y di mo natapos pagka't tila hinag kan kita sa iyong malamakupang mga pisngi.

¿Nagugunita mo kaya?

Pakinggan mo ang mga naging daing ko, noong mag-asawa ka na.

—¡Oh, Dios, na mahabagin: kahabagan mo po akong inulila ni Carabina ko! ¡Oh, Dios na mapag-ampon: Ampunin mo po ako, dito sa lupa, gayon din namán sa langit! ¡Oh, Carabina ko, ¿bakit mo ako inulila?

Ganitong ganitó ang mga daing ko noon. Nguni't di mo na nárinig, pagka't mayaman ka na.

Marami ka nang bahay na paupahan. At ngayo'y isa akó sa mga umaalkilá: isa akó sa mga pinasisingilan mo. Pagka't bukod sa *napagkakakitaan* mo na ang ba hay ay ibig mo pang *pagkakitaan ó panghinubuan* ang salapi ng iba. Kaya pala hinihingi mo ang bayad na adelantado ay upáng ang yaadelanto ko sa iyo'y maila gay mo sa Sanlaan ng iyong anak.

¡Oh, ipagdurusa mo iyan sa infierno!

Kung ako ang naging asawa mo'y malapit ka pa sa *gloria,* pagka't ang *glorieta* at *gloria* ay pareho rin.

V.

Iniirog kong Carabina:

Huwag mong akalain na di kita nagugunita. Lagi ka rin sa isip hanggang sa nitóng mabalo ka.

¿Kung ligawan kaya kita uli ay iibig ka naman uli?

¡Ay, ay, ay ayoko na!

Natatakot akong malimutan mo uli ang ating sum paan, paris noong magsumpaan tayo sa harap ng lelong mo at lelong ko, noong ang dalawang ito'y nakatalikod sa atin.

¡Ayoko na sa iyo!

¡¡Mámamatay ka sa mahirap!!

LUKUTOS.

Polítika't Kandidatura

—=(o)=—

Kung ibig mong mádalirot
patí nuno mong nabulók;
kung ibig mo ang maubos
patí fisáng séntimos;
kung ang ilóng mong makipot
ibig magsiliip sa uhog;
itaga mo sa-yong batok
ang iháhatol kong *gamót*:
sa *Polítika* ka masok,
at diyán ka mag-ubaób
at mákikita mong puspós
ang 'yong «suerteng» tibobos.

***

Kung ibig mong mabalisa
patí ang amá mo't iná,
biyenán, anák, asawa,
kaibiga't kakilala;
kung ibig mong máistorya
patí ng iyóng bituka;
kung ibig mong mákuwenta
ang hanap mo't ginágastá;
ang iyóng *kandidatura*
ay iharáp mo sa «kuarta»
asahan mo't walang salang
pulutan ka ng bálana.

***

Kung sawa ka na sa buhay
at iníp ka na sa bahay;
kung ibig mong máhalukay
ang lahát mong kabulukán;
kung ibig mong mápalaban
patí na sa iyóng tatay;
magpolítiko ka lamang
at magkandidatong minsan,
pilit mong máraranasan
ang ikáw ay mátawanan,
ululín at paglaruán,
ng kahi't ubod ng hangál.

***

Kung ibig mong magka-luga
ang taynga mo sa balita;
kung ibig mong makasira
ng puri ng iyóng kapwa;
kung ibig mong malabasa
patí ng iyóng sikmura;
at kung ibig mong magsawa
sa kákakain ng luha,
parito ka sa Maynila
kung hálala'y ginagawa;
ang sariwa ay bilasa
at bilasa ang sariwa.

***

Kayóng mga provinciano
ngayón kayó pumarito,
at ang mákikita ninyó
ditóng mga kandidato'y
marami pa sa buhók ko:
may *di azogue*, may *di acero*,
may *de góma*, may *de kautchú*,
may *de cristal*, may *de bambú*,
may *de bola*, may *de viento*,
may *úhugi't bulutonggo*,
may *giganie*, may *enano*,
may *moreno*, *negro't blanco*.

***

Sa isáng distrito lamang
at sa isáng katungkulan,
sampu-sampu't daán daán
ang *kakandidatuhanan*:
¡Ang dalwampung pisong iyáng
pangbayad sa sang-araw
na salaping *Municipal*,
siyáng may kasalanan!
Ang damdam ko'y kung dagdagá't
hustuhin pang isáng daán,
ay magkáhalo nang tunay
ang balát at tinalupan!

ALISTO MATANG ABKA.

⁂ ⁂ ⁂

Mga sulat na nangungusap

—===—

I.

Si Pedro kay Pablo

Kaibigan:

Ako'y kandidato ngayon: ¿anó kaya ang na sa loob mong maitutulong sa akin?

Ibig ko sanang gawin mo ang boo mong kaya upáng mapapanagumpay ang kandidatura ko sa pook na iyáng kinalalagyan mo.

Ito'y pagtatapat kapatid.

Ang iyong kaibigang nag aantay ng sagot.

Si Pablo kay Pedro

Kaibigan:

Tinangap ko ang sulat mo, at mula ngayo'y pasisimulan ko na ang paglalakad.

Tutulungan kita sa loob ng aking kaya.

Pipilitin kong dito'y makadami ka ng boto, lalonglalo na nga't kung mapagtulungan nating malagyan ng *paralis ang boto ng karamihan*. ¡Nalalaman mo na ang sayaw ng mundo, kaibigan!

Ang kaibigan mo.

Si Pedro kay Pablo

Salamat, salamat, salamat. ¡Inaasahan ko na nga bang di ka magpapabaya sa kaibigan!

Kay buti mo, kaibigan. Damdam ko ba'y mulíng nabubuhay ngayon sa aking gunita ang mga kaayaayang sandaling ipinagsama natin at ipinagkatwa. At ngayo'y lalong lumálaki ang ganyang gunita, at lalong tumataimtim ang lugod ko sa iyo, at lalong napupukaw sa aking puso ang isang damdaming umaakay ng lalong mahigpit na pagmamahal sa iyo; pagka't kahi't malaon na tayong nagkahiwalay at nagkalayo ay di pa rin nagbabago ang dati mong pakikisama sa akin. ¡Oh, anong laki ng kalugurang sinasagap ngayon ng puso ko!

Kaibigan: Kasama nito ang P 20.00 piso na ipinamamanhik kong tangapin mo, upang magamit na *pangparalis sa boto ng karamihan*.

Ang iyong kaibigang tunay na naginámahal.

Si Pablo kay Pedro

Kaibigan:

Magalak ka at may nakausap na akong sa aki'y sumasang ayon May sampu na ang na sa atin, at ang sampung ito'y siyang humáhatol na daanín natin sa *piging-piging* sa *paipainóm* at sa *pangapanganga*. At, sa ganito'y maasahan natin ang tagumpay.

Ang kaibigan mong nagmamahal.

LLUVIA DEL TIEMPO

—¡Qué manera de llover, compañero! Esto es el diluvio universal.

—Pero no para todos llueve. Vea usted esos. ¡Pobrecitos! Se van á matar por un poco de agua.

—Sí sigue lloviendo así, habrá que hacer una arca para esos.

ANG MGA NAKAUPO.—(*Sabaysabáy*): ¡¡¡Adiús, ang dalawá..... nachirí-maní!!!

ANG NAPAILALIMANG NAKADAPA.—¡Aráy, aráy, nadadaganán mo akó!

ANG NA SA IBABAW.—¡Tiís..... tiís! Ibig mo ba'y ikaw lamang ang..... *makahuli ng dalág?*

ISANG NANONOOD.—Oo nga; kung di nga dalág ay di kayó makahihipo. ¡Kay mga hagóm!....

SOMBRERERIA DE RAMON YAN

6o SACRISTIA—BINONDO

—¿Que llevas ahi?

—Es una partida de escelentes sombreros del pais, comprada en casa de Ramon Yan. Ya sabes que me marchó al estranjéro. Allí no quiero usar otros sombreros.

—Haces bien. En ninguna parte los hay más tipicos y elegantes.

Margarita (*extasiada*). —¡Oh, que joyas tan preciosas! El galan ha rendido mi corazón. Nadie se resiste tratándose de alhajas procedentes de **LA ESMERALDA**.

Escolta 9—11 Manila.

Representantes de las potencias extranjeras han venido á Manila para conocer los productos del pais. Ante los sombreros de "Kapalaran," han declarado que es lo mejor que se conoce

"KAPALARAN"

Dolores N.o 107. Sta. Cruz



PEDRO de JESUS
E HIJO

MARMOLLISTAS Y TALISTAS

Calle de Crespo Quiapo

Lapidas, monumentos, pilas, estatuas, imagines y toda clase de obra de talla abonan la falta de Pedro de Jesus.

IMPRENTA,
LIBRERIA,
PAPELERIA,

L. Cribe

CALLE CRESPO-101

MANILA, P. I.

ENCUADERNACION Y FABRICACION DE SELLOS

de goma y de metal, cuadros de lujo y ordinario, estuches de varias formas propios para regalo, aforrage de escaparates y estanterias, montage y barnizage de planos, confección de carpetas, porta-facturas, carátulas de cristal, sobres de todas clases, etc., etc.

ACTIVIDAD, PERFECCION Y BARATURA

CALLE CRESPO, N.° 101

á la subida del puente de San Sebastian.

CANDIDATO "ACLAMADO"

—Querido pueblo.—Votad por mí, y olvidad lo pasado. ¡Ya vereis qué concejal!

—¡Abá, esté palá aquel Velasco, el que tá lintikeá con nisós! Botá *por* vos el polis y bombero, nisós botá *con* vos el kamatis na panís.

VELASCO.—Mga amigo: .....

ANG INSIK.—Huwá, huwá, huwá:.... amico ngayon, há? ¿Saan nalon iyon Ipong, iyun amico mo Felesano?

ANG MGA TAGALOG.—*¡¡Fuera!! ¡¡fuera!!*.....

VELASCO:—Kayo'y mga amigo ko na ngayon!

ANG LAHAT.—Oo nga: amigong kasóy, labás ang butó.

ISANG INSIK.—¿Ano *búto*..... *búto*: huwak inyo *boto* iyan: *butó* inyo bigay sa kanná.....

Si Pedro kay Pablo

Kaibigang pinakaiirog: Tangapin mo ang P 50,00 upang magugol sa iyong mga sinasabi.

Umaasa ako sa mabuti mong pamamaraan upang magtagumpay.

Yakap na mahigpit at paggiliw ang sa iyo'y ipinahahatid ng kaibigan mong sa iyo'y di makalilimot kailan man.

Si Pablo hay Pedro

Kaibigan: Ang maligayang bati, ang magalak na pakikiyakap, ay tangapin mo dahil sa iyong tagumpay.

Ang kaibigan mong nagmamahal.

II.

Si Pablo kay Pedro

Kaibigan: ¿Kamusta ka? Malaon mo na akong di násusulatan. Nais ko sanang tayo'y magkausap.

¿Kamusta ba ang ipinangako mo sa akin noong huling pag-uusap natin?

Antay ko ang sagot mo

Si Pablo rin kay Pedro

Kaibigan: Nalimutan mo na yata akó: ¡ni hindi mo man lamang ako sinasagot!

Si Pablo pa rin kay Pedro

Kaibigan;
¡Salamat sa iyong kagandahang loob!
Hanggang sa muling halalan.
Ang kaibigan mong kasoy.

Ang sumipi,
DR. LIPA.

⚜ ⚜ ⚜

Busal at butil

——(:)——

Ang mga baho nga namán kahi't ipakakublíkublí ay sumisingaw pagsapit ng panahón. Tignan ninyo kung hindi.

Si Argüelles (hindi ang *leader* ng monarquia constitucional) kundi ang kandidato sa pagkokonsehal sa katimugan ng Maynila, ay may ginawa palang *milagro* noong pa sa América.

Bayang pilipino pa naman ang sa kanya'y nagpapasahod noón, ay siya pa niyang ipinangalandakan na wala raw káya.

*

At itó ang sinásabi ng isáng kasulatang napadikít sa ilalim ng kanyáng mga kartel sa mga lansangan diyan.

Pakingan ninyóng mabuti.

«Ito'y isa sa mga comisionados honorarios na napa sa Exposición ng San Luis E. U. A. ng 1904, na nagsabi sa marami at tanyag na amerikano na tayong mga pilipino ay wala pang kasapatán sa PAGSASARILI.»

Ahá, conque si Don Tomás pala ay gayon?

Sa makatwid ay walang kasapatán ang bayan at ngayo'y siya niyang hinihingan ng boto.

Conque, ganoon pala? Entendido Sr. D. Tomás Argüelles.

Makaáasa ka na po ngayon sa bayang *wala* pang *kasapatán*.

*

Anó kaya ang pagkaakala ng ilan sa kabaitan ng bayang ito.

Marahil ang palagay nila'y isá lamang yagit ang kabaitang sinabi, kaya ibig pagl aruán tuwi na.

¡Ay! mga atóng, ibá na ngayon ang lakad ng panahon, kaya kayo'y magpapakaingat sana.

*

Na naman po, Diyos na maawain!

Si del Pan daw ay *nagtatalumpatero* na namán ngayon.

¿At anó ang sinásabi?

Aywan ko, nguni't tila may minámanok si del Pan sa halalang nálalapit.

Kaya ang magagandang salitang kastila ay lumalabás na parang *kalakuwerda* sa bibig niyáng kastila rin.

Sásabihin lamang na si del Pan daw ay nagbabaít na ngayon.

Hindi po katotohanan ang ganyang sabi, at kung ayaw kayong maniwala ay makinig kayo sa kanilang mga *pagcucultong* ginagawa.

Ang kanyáng mga sakristán ay hindi rin nababago. Ang mga dati rin, con la *diperencia*, na ngayo'y kasakasama na nila si *Sr. Don Abundo Plor de la Berdad.*

*

At si Gómez at ang kabalansáng niyáng si Turiano, ibig ba ninyóng maalaman kun saan nangaroón at kung anó anó ang pinaggágagawa?

Nangasa Tundo pa at doón nagsisipananglaw gabi gabi ng mga palakang-saging.

Ang kaniláng *sulú luminarias* na ginágamit sa mga *miting de avance* raw, ay tila rin iyóng ginamit ng mga hudyong kasama ni Hudas, noong avansihin nila ang Hetsemani.

Nagkakaiba nga lamang ang kanilang layon: sina Gomez ay nagsisidakip ng *boto* at si Hesus naman ang dadakpin ng mga hudyo.

Nguni't ang pamamaraa'y nagkakaisá: kapwa pag-*avance*.

At ang mga kandidatong nangaavance, ay hindi mabuting kandidato.

Aywán nga lamang sa ibá, nguni't pag nagkataong sa *káaavance* ngayòn nakuha ni Gomez at Turiano ang kaniláng mithí, ay hindi malayong *ávansihan* na rin ang mangyari hanggang sa katapusán.

*

Naririto na at nagsidating ang *Maine* at *Alabama*, pinakasugó ng malaking hukbong dagat na amerikanong dadalaw sa atin. Aking binabati at kinákamayán ang mga *boys* na lulan ng dalawang pandigmang iyan.

Nguni't huwag lamang sanang magsisipaglangó, huwag lamang sanang magsusukát ng daán, dahil sa lalabás na kahiyahiya ang mga maginóong nagsisipangasiwa pa naman ng mahigit sa sandaáng libong piso upang gugulin sa mga ihahandog na kasayahan sa kanila.

Huwag ba sanang ngayón pa'y mahalatá nang ang lalóng magtutubo pagdating ng araw ay ang mga *cervesero*.!

*

Ang *Cebù Courrier*, ay kabanggaan ngayon ng *Times*.

At galít na galit itong huli dahil sa sinabi ng *Courrer* na malapit na mabigo si Taft sa kanyáng mga... pananaginip at inasámasám.

Kaya muhí ang Times, ay dahil sa isinaad ng Courrer na: «kami, anyáng, naririto sa Pilipinas, ay nakatatalos na lalo kay sa mga kababayan namin sa Amerika, kung sino si Taft. (¿ehé?) Siya'y aming nakasama. (¡ahá!) Nalalaman namin ang patíwali niyang pangangasiwa (¿há?)...

Ganoon palá, ay bakit wala nang pinakakapuripuri ang mga progresista kundi si Taft na kaibigan daw ng mga pilipino?

Sinásabi ko na nga ba't darating din ang araw na ipagkakahalataan eh!

¡Kilos kayo ngayón mga batang Villalobos, kilos kayo at *nadidisgracia* si Taft!

Sa gagawin man lamang ninyo'y kanyang makilalang marunong nga kayóng gumanti ng mga utang na loob.

Sulong, mga bata!

KULAS KULASISI.

⚜ ⚜ ⚜

MÁQUINAS PARA COSER
MÁQUINAS PARA Bordar

SINGER

Escolta 33 MANILA

PÁGOS SEMANALES.

Desde su fundación, la *Orquesta Rizal* ha sido indispensable en toda fiesta social ó polít ca.

Al compás de sus vibrantes y armónicas notas, han bailado el ilustre gobernador Taft, la gentil Mrs. Longwerth, née Roosevelt, tal cual senador ó representante y una infinidad de di tinguidos f rasteros. Todos aseguran que la Orquesta Rizal puede compararse á las mejores del mundo.

Asma, complicada con reuma articular y siferolitis del hipocondrio; fiebre, 40 grados; debilidad general. Eso no es nada, amigo.

¿Nada, y tengo dispei firolitis, y reuma, y asma? Ya lo decia mi Señora madre política: ¡Prepárate, hijo mío, para una buena muerte. . . . . .

—Todo esto desaparece fumando cigarrillos *Germinal*, Comillas 4.

El que quiera comprar ó vender ventajosamente alhajas, ó papeletas de empeños debe acudir á

J. MOLINA, Clavel n.o 145.—Binondo.

Las condiciones que ofrezco á mis clientes, no pueden ser más ventajosas y seguras. Lo atestigua mi sólida reputación.

RESTAURANT

LA BRISA FILIPINA

Jaboneros 161—168.

—Las personas de paladar delicado, Frecuentan este restaurant. Ya verás que menú.

—Pues, si es así, espero que me traerás aqui todos los dias.



Fábrica de Pianos de Pio Trinidad

RONQUILLO, STA. CRUZ.

Los pianos que fabrica esta casa han llamado poderosamente la atención en el Extranjero, por la calidad de las maderas de la caja, por el metal de su voz y por su forma artística. Ya rivalizan con los mejores del mundo.